

IKAPITONG ENTRADA: ISANG APOSTASIYA

MJ Rafal

1.

“Anong salita kaya ang magsasaad ng lahatlahat” upang simulan sa isang kawalan ang pag-anyaya sa mga mambabasa na galugarin ang mga susunod na pahina?

2.

Walang ibang paraan upang pasimulan ang introduksyong ito kundi pauna nang banggitin na isang munting pag-aalay ang isyung ito ngayon ng Entrada kay Edel E. Garcellano, propesor, makata, nobelista at makabayang kritiko, na lumisan sa piling natin noong nakaraang taon sa edad na 73, sa panahon ng patuloy na pagsulak sa paligid ng tila walang-hanggang banta at alinlangan na hatid ng pandemya sa buhay at kabuhayan ng mamamayan, at ng kapabayaang pamahalaan upang maayos at mahusay na makontrol ang pagkalat ng COVID 19 virus.

ENTRADA

Hindi ito isang grandiyosong pagpupugay, hindi isang tampok na sentralisasyon ng lahat-lahat ukol kay Edel. Ito ay isang matimpi at tahimik na pagpupunyagi sa kanyang ambag habang nakabalangkas pa rin sa nakagawiang proyekto ng Entrada na pagtagpuin ang mga bago, kung anuman itong mailap na bagong aming sinasabi, at mga batikan, sa anumang pakahulugan mayroon ang salitang ito, ng panitikan at malikhaing pagsulat.

3.

Kapansin-pansin sa mga taludtod at talinghaga ni Pauline Mari Hernando sa kanyang koleksyon na “Salmo at Iba Pang Resiklo ng Dáing Mula Dekada Sitenta: Mga Tula” ang pagbabanyuhay ng satirikong tinig ni Marcelo H. Del Pilar, na ang resiklo ng mga dáing mula sa lumipas na dekada ng lagim ay hindi nangangahulugan ng walang-katapusang pag-uulit lamang ng mga problema, na bagkus, ito ay isang pagpapatuloy ng laban at munting mga tagumpay. Na bagamat laging itinatakda ng pakikihamok ang katotohanan ng hindi mapangalanang pagod at badya ng pagsuko, may paalaalang laging tanglawan ang sinumpaang dakilang tungkulin pagkat *‘Ngayon lang itong inip at puyat, / Mga pagal at puyos na karsel, / At alinlangan sa isang huwad / Na paglayang tinakda ng papel.’*

Gayundin, matalas ang mga detalye at imaheng nakalatag sa mga tula ni Ryan Cezar Alcarde sa kanyang koleksyong “Kalagan”. Impit ang katahimikang nanunuot sa mga taludtod at may dampi ng gumagapang na sambulat ng paparating na engkuwentro ang nagtatagpong mga pakiramdam at damdamin sa mga tula ni Alcarde. At sa hindi

maubos na katanungan ng mga nagtataka, naipapaliwanag ang pagkaunawa sa pagsasapraktika. Sa tulang “Kay Ka Migo,” may pagkaunawang nabatid ang persona, na *‘Kay rami pa ring di ko maintindihan / na marahil ay matagal mo nang naresolba / sa maiksi ngunit di pangkaraniwan / mong buhay.’*

Masinop at elegante naman ang pagkakagamit ng wikang Ingles sa “The Uses of Adverb” ni Rodrigo Dela Peña. May kadalubhasaang tangan ang makata sa pagpuputol ng mga taludtod, pagpapausad ng kadensa gamit ang tunog at pagpili ng mga pinakaangkop na salita upang itampok ang pinapaksa katulad ng paglalapat ng pang-abay sa propesyon ng pagiging aktor, o ng pagtatangi o pagtanggap sa isang daga o ng magkatalikurang talastasan ng hindi nagwiwika. O marahil nga, gaano man ang kadalubhasaan ng lahat ng makata sa tula at pagtula, maihahayag pa rin nito, tulad ng persona sa tulang “In This Country Where We Do Not Speak” na *‘each of hour. I am a stranger / in this country. As you are. Instead’*, na isa ring bersiyon ng alingawngaw ng *‘hindi lang magagandang salita’* ni Edel.

Reportage ng lokal na kalakalang hantad sa lahat, ng nakamihansang kultura sa panahong elektoral, ang pinauukilkil ng dalawang tulang Waray na “Duha nga Siday” na may kaukulang salin rin sa Filipino mula sa makata. Kasabay ng pangako at pangarap na pilit pinagtatagpo ng mga trapong tumatakbong-nanliligaw sa botante at mamamayang magtatakda ng susunod na mamamanginoon sa buong bansa at bayan-bayanan, binibistay ng dalawang tula ni Jacalne ang kawalang katuturan, ang kahangalan ng eleksyon, na isa umanong demokratikong pakikilahok ng mamamayan upang isulong ang kanilang interes gamit ang kapangyarihang bumoto at maghalal, silang *‘may kapangyarihang walang pagpipilian’*.

Nagtatagpo naman sa maikling kuwentong “Portal” ni Cris R. Lazandares at “Butbot” ni Perry C. Mangilaya ang talaban ng noon at ngayon, kung paano kailangang kaharapin ang pagbabago at ang pagsasalimbayan ng pokloriko at moderno. Isang interogasyon ang kuwento ni Lazandares sa pangako ng pagbabago, sino ang dapat makinabang dito, at kung may makikinabang, hanggang saan at paano nila ito pakikinabangan? Sa patuloy na urbanisasyon na lumalamon sa mga pilapil at palayan, sa mabunying mga lupain sa mga kalunsuran, ang integrasyon ng pantastiko at mahika-realismo sa tradisyon ni Gabriel Garcia Marquez hanggang sa pelikulang “Coco” ay kaiga-igayang pormulasyon sa matingkad na paggalugad ni Lazandares sa kanyang pinapaksa. Makikita rin ito sa kuwento ni Mangilaya, ngunit sa mas seryosong himig at domestikong sitwasyon. Nagtatalaban sa kuwento ni Mangilaya ang loob at labas, ang internal at eksternal, ang moderno at poklorikong mga saloobin at hinaing, isa mula sa kimkim na tampo at galit ng isang naiwang kapatid at isa naman ay ang tagong higanti ng mga elemental na nilalang sa pang-iistorbo sa kanilang pinamamahayan. Ang talaban na nagtagpo mismo sa katawan ng pangunahing karakter, at magdudulot ng di maampat na kirot, ay mapagkakasundo lamang sa pamamagitan ng ‘butbot.’ Maigting man sa kuwento ni Mangilaya ang pagkapit sa tradisyunal na naratibo, nailalapat naman niya ito sa modernong mga sitwasyon ng urban-rural na distansya ng mga domestikong relasyon at ang iba’t ibang antas ng diaspora.

Kakikitaan naman ng lantad na mga modernong pamamaraan at eksperimentasyon ang mga kuwentong “Kung Paano Magsulat ng Kuwento sa Panahon ng Pandemya” ni DJ Ellamil at “Patintero” ni Valentine Dula. Kapwa mapaglaro ang mga kuwento. Ang isa, na nakatuntong sa konteksto ng

pandemya ay gumamit ng ikalawang panauhan, instraksyunal at waring nanghihiram ng kapangyarihan sa “Multiple Choice” ni Alejandro Zambra upang banatin ang posibilidad ng pagkukuwento, na kung paglilimian, ay hindi na rin bago sa anyo ng pagkatha. Ngunit kaiba sa iba pang nauna na, isang hamon at pagtatagumpay marahil kay Ellamil na isangkot ang pandemya sa kanyang kuwento. Hamon pagkat hindi biro ang pag-eksorsismo ng pagkabahala at pagdududa sa talab ng panulat sa panahon ng mga kamatayan at alinlangan, at tagumpay dahil ang pagkakaluwal ng akdang sumusubok bigyan ng mukha ang isang karanasan sa isang partikular na kompleksidad ay pagtupad sa tungkulin ng manunulat na hubugin ang isang panahon at maghain ng posibilidad. May ganito ring tangan na pagtupad ang premyadong kuwento ni Dula hinggil sa balighong War on Drugs ni Rodrigo Duterte at ng walang-habas na pagkitil sa sinumang kritikal sa rehimen ng bakal at baril. Tiyak na ikatutuwa ni Freud ang daloy-ng-kamalayan sa kuwento maging ang salimbayan ng lumilipad na isip at tumatagay na kamay, naghahalo ang kubling mithiin at marungis na reyalidad sa katotohanan ng inuman at sitwasyon. Sa pag-usad, gumigitaw ang konteksto ng isang kapit-sa-patalim sa panahon ng hibang na digmaan laban sa walang kalaban-laban. Transgresibo ang hibo at matabil ang wika ng kuwento ni Dula na nauna nang nagwagi ng ikalawang gantimpala sa Carlos Palanca Memorial Awards for Literature noong 2018.

Sa titulo pa lamang, hindi na rin marahil maitatago ni Mark Anthony S. Salvador ang nilalaman at layon ng kanyang mga dagli sa “Bagahe ng mga Gurong Part-timer”. Kakikitaan ng mga tiyak na karanasan ng isang kayod-kalabaw na gurong nagsisilbi sa higit isang paaralan o sa isang paaralan lamang nagsisilbi ngunit tambak ang nakaatang na klase at responsibilidad sa

kabila ng barat at bansot na pagtrato bilang third-class citizen sa pinaglilingkurang paaralan. Ang mga dagli sa koleksyon ni Salvador ay pagpuna sa kinamihasnang sistema ng pakyawang trato sa mga gurong part-timer, na isa lamang sa mga mukha ng bastardong pagtingin ng mga namamahala sa propesyong hilig nilang dakilain ngunit hrap na hrap kilalanin sa anyo ng maayos na pasahod at benepisyo. Hindi ito nalalayo sa iba't ibang paglalantad ni Ronnie M. Cerico sa kalagayan at karanasan ng mga mangingisda sa isla ng Catanduanes sa kanyang koleksyon ng dagli na "Palutang". Nagtatagpo sa karanasan bilang mangingisda at bilang Catandungon ngunit nag-iiba sa mga karanasang lumalagpas na tanikala ng dagat ang mga dagli ni Cerico. Sa dagli na 'Patong,' ang talinghaga ng daing/pagdadaing ay mainam na nagtampok sa pagnanasang lesbiyana. Sa kabilang banda, ang dagliing 'Parahag-ot' naman ay nagtatampok ng naratibo ng pagsusumikap, ang pag-alpas sa inaasahang katapusan ng kinamihasnang kuwento ng kawalang pag-asa.

Isang katangi-tanging karanasan naman ang ibinahagi ni KC Daniel Inventor sa kanyang personal na sanaysay na "Sa Gitna ng Dagat." Paano, sa paglipas ng panahon, unti-unting inunawa ng isang paslit ang isang mala-pantastikong kamatayang nasaksihan niya sa lugar na may mala-pantastiko ring katangian? Waring kulminasyon ang sanaysay ni Inventor sa mga nauna nang akda nina Lazandares, Mangilaya, Dula at Cerico. Mahusay ang gamit ng wika at talinghaga ng dagat at aswang upang patingkarin ang salaysay ukol sa kamatayan ng kapatid sa loob ng barko. Hindi nakadudurog ng puso, walang melodrama, hindi didaktiko ngunit tumatalab ang pagmumuni at realisasyon ni Inventor dahil na rin sa paglalangkap ng pokloriko at pantastikong elemento sa kanyang sanaysay.

At hindi pa rin tayo binibigo ni U Z. Eliserio sa kanyang klasikong dark humor, sa mga pagsipat niyang nang-uusig at nang-aakit, sa kanyang interogasyon sa kasaysayan at mga posibilidad na maaaring mahango o mabalaho mula rito. Litaw na litaw ang mga ito sa kanyang dula na “Maria Sa Puso Ninoman”, na isang historiko-pokloriko-bastardisadong dekonstruksyon sa nangyaring pagpatay kay Andres Bonifacio, na tiyak, hindi para sa mga puristang historyador gayundin sa mga takot sumubok sipatin ang kasaysayan sa ibang anggulo, o ulo.

4.

Saan ngayon nagkakapanagpo ang mga akda sa isyung ito ng Entrada kung idararang sa panulat ni Edel?

Ang totoo ay wala namang makahihigit sa mga akda at naisulat ni Edel pagkat wala rin namang nais higitan o paandaran si Edel. At hindi rin naman hinahangad ni Edel ang anumang pagdakila. Malabo iyon sa mga katulad niyang partisano. Nariyan si Edel, at ang kanyang mga akda, upang maghawan ng mga landas, upang maipakita ang pamamaraan kung paano kakalikutin at durugin ang kinamulatan nating sistema. Hindi siya nagbubuo ng kulto o gumagawa ng panibagong ismo dahil siya mismo ay kritikal sa mga ito. Paalaala si Edel na walang humpay ang pagtatanong at pagsusuri, magmukha mang kontrabida sa bawat panig, kahit naitayo na ang panibagong mundo.

Kung nahihirapan tayong unawain si Edel at kanyang mga akda, marahil, hindi ito ang henerasyon kung saan siya nakikipag-usap. May higit na tungkulin pang nakaatang sa mga akda ni Edel, mumunting bagay lamang ang pagtula at pagkamanunulat. Umaalingawngaw mula rito ang binanggit ni

Albert Camus, *"Mine knows that it will not reform it, but its task is perhaps even greater. It consists in preventing the world from destroying itself."*

5.

Sa kanyang pilosopikal na sanaysay na "The Loneliness and Frustrations of Edel Garcellano", artikuladong ibinuhaghag ni Jayson Jimenez ang panibagong anyo ng pesimismong bumubukal sa mga tula, sanaysay, katha at pilosopiya ni Edel. Ang pesimismong ito ang humahamon sa marami pang mga akda, noon at ngayon, at inilalantad ang mekanismong nagpapaandar sa mga ito. Para kay Jimenez, isang katangiang rebolusyunaryo ang pagiging pesismistiko ni Edel.

Hindi rin ito nalalayo sa mga obserbasyon ni Caroline S. Hau kay Edel sa kanyang sanaysay na "Edel Garcellano, The Filipino Critic in the Time of War". Ang palagiang pagkontra, pagiging pasaway, pagtutol, apostasiya ni Edel ay hindi dahil lamang sa ibinubunga ito ng kanyang personal na katangian, itinutulak ng zodiac sign, o bunga lamang ng bagot na sarili, bagkus, isa itong kalkuladong pamamaraan ni Edel sa patuloy niyang pagkilatis at pagbabalat-lantad sa mga nakatabing na intensyon at simulain ng anumang kaisipang nakalatag sa ating harapan. Isang pagpupugay ang sanaysay ni Hau sa ambag ni Edel sa intelektuwal na tradisyong nakapundasyon sa makabayan, siyentipiko at partisanong oryentasyon sa Pilipinas.

At kung paanong naging inspirasyon sa kanyang mga mag-aaral at kapwa guro ang pamamaraang apostasiya, pesismistiko at nihilista sa pagtuturo, pagbabasa at pag-iisip ni

Edel, ay gayundin naging, marahil ay bahagya o pansamantala, si Rosario A. Garcellano, ang naiwang kabiyak ni Edel. Aniya sa bandang huling bahagi ng sanaysay na "An Examined Life":

"At one point last year, having tried to clinically track my grief over Edel's passing and calculating now that I was in the anger stage, I was struck by a passage from a book in which an aging woman admits regretting having 'adopted her husband's predilection for sorrow; she wishes she had laughed more. 'Why did this world become amusing,' she asks, 'only when I realized I was about to leave it?'" I also mused on how, in the ironic scheme of things, he who pontificated against privilege was himself privileged by his gender and his platform to give voice to his ideas and provocations, unlike others muted by their own circumstances."

6.

Totoong hindi maibibigay sa atin ng panulat at panitikan ang mga nais natin ngayong pandemya: maibalik ang mga mahal sa buhay na inagaw ng virus, kabuhayang nadiskaril at trabahong nabalaho, mga pagsasalu-salong hindi na katulad ng dati, pag-aaral na pinagitnaan ng kamera at screen at marami pang nagpaluwag sa mga espasyo ngunit nagpasikip sa ating dibdib at puso. Sa kabila nito, naitatala pa rin ng panitikan at panulat ang mga posibilidad at tunguhin na maaari nating tahakin sa mga darating pang panahon, sa kabila ng mga pagbabagong inihain ng krisis ng pandemya, nang wala nang pangil ng face mask, mababalikan rin natin sa mga pahina ang karanasang nagpanday sa atin tungo sa kung nasaan tayo sa hinaharap.

ENTRADA

Muli, narito at tunghayan natin ang Entrada VII, isang pagsusumikap na magpatuloy sa kabila ng mga hamon ng panahon. Isang apostasiya, isang pagtutol sa hegemonya ng tiwaling sistema at pandemya, sa ngalan ng diwa ni Edel Garcellano.

SANGGUNIAN

Camus, Albert. "Speech at the Nobel Banquet." The Nobel Prize.
10 December, 1957, Stockholm City Hall, Sweden.

Garcellano, Edel E. Maikling Imbestigasyon ng Isang Mahabang
Pangungulila. Kalikasan Press, 1990.